# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Science City of Muñoz, Nueva Ecija




## Pag-ASA* sa gitna ng COVID

ISSN 2507-8933

Tomo 5, Blg. 4 | 2020

Pang-apat na Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

**Tomo 5, Blg. 4 | 2020**
Pang-apat na Isyu

**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA C. IRANG, CHARLENE S. JOANINO
**Layout** ROWENA G. BUMANLAG
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHARLENE S. JOANINO, ROVELYN T. JACANG
**Nag-ambag ng Artikulo** LILIAN P. VILLAMOR, MA. THERESA R. SAWIT, MARIVIC A. ORGE
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHARLENE S. JOANINO
**Tagapayo** CLARO N. MINGALA

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 2nd Floor IEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Telefax: +63 02 8 921-3863 E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09161011561, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09176793349, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238 to 39 • 09178675763, pcc.clsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 053 563-7649 • 09399170673, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 033 323-4781 • 09999916115, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** 09478934794 • 09088139048, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598 • 09199620560, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09101795905, pcc_mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09399169719, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872 • 09206219722, usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


3 Tuloy ang daloy sa paggagatas

6 ALPAS kontra COVID

8 Ugnayang pantawid COVID

14 Walang krisis sa 'dairy biz'

18 Walang lockdown sa serbisyong VBAIT

20 Teknolohiyang maaasahan

22 Webinars sa 'New Normal'





**PALIWANAG SA PABALAT**

Iba't ibang daluyan ng pag-asa't oportunidad para sa mga nais sumuong at kabilang sa industriya ng pagkakalabaw ang nabuksan sa kabila ng mga pagbabagong dulot ng pandemya. Bagama't sinubok, patuloy pa rin ang DA-PCC sa paghahatid ng mga programa, serbisyo, at makabagong pamamaraan tulad ng pagsasanay sa mga magsasaka gamit ang webinar. Isa itong patunay na kahit ano mang hamon ay kakayanin at kung magsasama-sama, tiyak na may pag-**A**hon, pag-**S**ulong, at pag-**A**senso "pag-**ASA** Karbawan".

(LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**)

# Tuloy ang daloy sa paggagatas

NINA **MA.CECILIA IRANG**
AT **MA. THERESA SAWIT**

ILUSTRASYON NI **CHRISSALYN MARCELO**



**Malaking dagok ang dulot ng pandemya sa kabuhayan ng marami kabilang na ang sa mga magkakalabaw na napilay ang produksyon at pagsasapamilihan ng aning gatas.**

Sa 197 inaasistehang kooperatiba at asosasyon ng DA-PCC na nasa negosyong kalabawan, 40 ang kabilang din sa operasyon ng pagpoproseso at pagsasapamilihan ng mga produkto na apektado dahil sa ipinatupad na Enhanced Community Quarantine (ECQ) ng gobyerno para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at komplikasyong dulot nito.

Sa ilalim ng ECQ, nilimitahan ang paglabas ng mga tao kabilang na ang mga mamimili, suppliers, at producers. Naantala rin ang pagsasagawa ng Milk Feeding Program na magbibigay sana ng sigurado at malawakang merkado para sa aning gatas ng mga magsasaka.

Upang patuloy na makapaghatid ng mga karampatang serbisyong ayon sa ALPAS Kontra sa COVID-19 Program ng DA, nagsagawa ng online survey gamit ang Google Forms ang DA-PCC noong Abril hanggang Mayo para matukoy ang mga naging epektong dulot ng krisis sa mga magkakalabaw.

Ang mga researchers ay nakalikom ng sagot mula sa 381 magsasaka, 156 na Village-based AI technicians (VBAITs), 39 na milk processors, at 54 na milk product distributors na kaagapay ng DA-PCC sa programang pagkakalabawan sa buong bansa.


SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

# Tuloy ang daloy...

MULA SA **PAHINA 3**



Karamihan sa mga respondents ay nagbawas ng kanilang mga empleyado sa panahon ng krisis

May mga magsasakang nahirapang makakuha ng AI service, suplay ng pakain, bitamina, at pampurga sa mga hayop

Ang mga VBAITs ay nahirapang makakuha ng kanilang supplies

Ang mga nagpoproseso ng gatas ay nakaranas naman ng problema sa pagkuha ng sariwang gatas at iba pang mga sangkap at materyales sa pagpapakete at paglalagay ng label

Apektado rin ang mga milk distributors dahil sa naranasang hirap sa pagkuha ng mga produktong gatas at pagdadala sa iba't ibang lugar



Pagdating naman sa operasyon ng negosyo, 172 sa 381 mga magsasaka; 16 sa 39 na milk processors; at 39 sa 54 na milk product distributors ang kinailangang magbawas ng gawain o huminto sa operasyon ng kanilang negosyo noong kasagsagan ng ECQ

## EPEKTO SA ANI

**22%**

ANG IBINABA NG PRODUKSYON NG GATAS

Naging 49.87 litro na lamang mula sa karaniwang 69 na litro kada linggo bago magkaroon ng krisis

Nabawasan ng 4.36% ang karaniwang dami ng gatas na pinoproseso araw-araw; mula sa 103.65 litro ay naging 99.13 litro na lamang

38.88% ng milk distributors naman ang nagsabing mas kaunti ang naibenta nilang produktong gatas

23.72% ng VBAITs ang huminto naman sa pagbibigay ng serbisyong AI sa alagang hayop ng kanilang mga kliyente

## EPEKTO SA KITA





BUMABA NG ILANG PORSYENTO ANG BUWANANG KITA NG MGA SUMUSUNOD:

| | |
|---|---|
| MAGSASAKA | 43.91% |
| VBAITS | 51.21% |
| MILK PROCESSORS | 66.50% |
| MILK PRODUCT DISTRIBUTORS | 22.52% |

161 sa 381 na mga magsasaka ang napanisan ng gatas dahil walang mapagbentahan (karaniwang 25.71 litro kada linggo ang hindi naibenta sa unang limang linggo ng ECQ)

14 sa 39 na milk processors na karaniwang umaani ng 173.5 litro kada linggo ang hindi nakapagproseso simula sa unang apat na linggo ng ECQ

Php46,421.33 kada buwan ang naitalang lugi ng 15 sa 54 na milk product distributors dahil sa hindi nabenta at napanis na mga produkto



Tinulungan ng DA-PCC ang mga magkakalabaw na makahanap ng merkado para sa kanilang aning gatas

80.48% ay nakatanggap ng suporta at ayuda mula sa iba't ibang ahensya gaya ng LGU, Department of Social Welfare and Development at Department of Labor and Employment

Patuloy ang pagsasagawa ng DA-PCC ng mga interventions gaya ng paglulunsad nito ng Kadiwa Buffalo Milk on Wheels at mga proyektong Unlad Lahi Project, Creating Opportunities through Value Innovations and Development, Gatas, Gulay at Karne, at Cara-Aralan na nasa ilalim ng ALPAS Kontra sa COVID-19 Program sa adhikain nitong sabay-sabay na makabangon at makabalikwas ang mga magsasakang apektado ng kasalukuyang pandemya.

# ALPAS kontra COVID

NI **CHARLENE JOANINO**
LARAWANG KUHA NI **CHRISSALYN MARCELO**

**Mga bagong oportunidad at pamamaraan na makatutulong sa mga apektadong magsasaka ang hatid ng apat na proyektong kasalukuyang isinasagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC). Ito'y sa harap ng mga banta sa kanilang kabuhayan dahil sa pandemyang dulot ng coronavirus.**

Kabilang sa apat na nasabing proyekto ang Creating Opportunities through Value-Added Innovations for Development (COVID), Unlad Lahi Project (ULaP), Gatas, Gulay, at Karne (GGK), at Cara-Aralan.

Isinasagawa ang mga ito sa ilalim ng inisyatiba ng DA na Ahon Lahat, Pagkaing Sapat Kontra COVID-19 (ALPAS COVID-19) na ang layunin ay matiyak ang seguridad sa pangangailangan sa pagkain ngayong panahon ng pandemya.

Sinimulang isagawa ang mga nasabing proyekto noong Mayo kasabay ng selebrasyon ng buwan ng magsasaka at mangingisda at ngayo'y patuloy na isinusulong ng DA-PCC sa iba't ibang panig ng bansa.

"Kami ay nagbibigay-pugay sa ating mga magsasaka. Kung ang ilan ang tawag sa kanila ay frontliners, at ang iba naman ay backliners, para sa amin, sila ay mga bagong bayani," ani dating DA-PCC Executive Director Dr. Arnel Del Barrio.

Sa ilalim ng proyektong COVID, sisikaping iangat ang mga pamamaraan sa produksyon sa pamamagitan ng mga angkop na teknolohiya at inobasyon upang mapataas ang kita ng mga makikinabang na mga magsasaka.




Sa ULaP naman itinutuon ang pagpapataas ng produksyon ng gatas at karne samantalang bagong mga mapagkakakitaan ang hatid sa mga magsasakang nawalan ng kabuhayan.

Pang-apat sa mga proyekto ay ang Cara-Aralan na nagpapalaganap ng mga impormasyon o kaalaman at nagsasagawa ng mga pagsasanay gamit ang internet o e-learning platform upang patuloy na magkaroon ang mga magsasaka ng kaalaman at pagkatuto sa mga impormasyong may kinalaman sa pagkakalabaw.

Binabantayan at sinisiguro ang pagsasagawa ng mga naturang proyekto sa lahat ng mga panrehiyong tanggapan ng DA-PCC sa buong bansa.

**Ang GGK project ay nagsusulong ng mga oportunidad pangkabuhayan sa mga lugar na apektado ng pandemya. Layon din nitong mailapit ang mga produktong pagkain sa mga mamimili sa panahon ng malawakang lockdown.**

**ULaP**
UNLAD LAHI PROJECT

**COVID**
CREATING OPPORTUNITIES THROUGH VALUE INNOVATIONS AND DEVELOPMENT

**GGK**
GATAS, GULAY AT KARNE

**CARA-ARALAN**

# Ugnayang pantawid COVID

NI **CHARLENE JOANINO**

**Sa panahon ng krisis, ang lakas ng bawa't isa ay lalong tumitindi kung pagsasama-samahin.**

Napatunayan ito sa inisyatibang nabuo sa pagtutulungan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC), San Miguel Corporation (SMC) at San Miguel Foundation Inc. (SMFI), Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Education, Agriterra Philippines, AgriCOOPh Federation, National Dairy Authority (NDA), at Philippine Coconut Authority (PCA).

Sa tibay ng nilagdaang memorandum of agreement, layon ng nagkakaisang gawain na umalalay sa mga magsasakang maggagatas at mga pamayanang lubhang naapektuhan ng COVID-19.

## SMC at SMFI

Nitong Hunyo, naglaan ang SMC ng Php500,000 na ginamit sa pagbili ng gatas ng kalabaw para sa milk supplementation program.

Ang DA-PCC ang naghanap ng mga grupo ng maggagatas na magiging supplier para sa nasabing programa. Kabilang sa mga napili kasama ang halaga ng aangkating gatas ang Nueva Ecija Federation of Dairy Cooperatives (Php300,000), Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (Php100,000), Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (Php50,000), at Pulong Buli Multi-Purpose Cooperative (Php50,000).

Nagpamahagi ng 25,000 na 200 ml-sachets ng toned carabao's milk sa mga benipisyaryo mula sa Pampanga, Bulacan, Navotas, Manila, Malabon, Cavite, Quezon City, San Juan, at Mandaluyong. Kabilang sa mga nakatanggap ay mga frontliners, matanda, at bata.

Ayon kay SMC president at chief operating officer Ramon Ang, sisikapin nilang makatulong sa kabuhayan ng mga magsasaka samantalang inilalapit ang masustansiyang gatas ng kalabaw sa mga komunidad kung saan may kakulangan sa nutrisyon.

Nagbigay din ang SMC ng tulong teknikal sa Carabao Enterprise

SUNDAN SA **PAHINA 10**






# Ugnayang pantawid...

MULA SA **PAHINA 8**

Development Section (CEDS) ng DA-PCC kung saan nakita nila ang operasyon ng San Miguel Yamamura Packaging Corp. (SMYPC) sa Pampanga. Ang SMYPC ay nakatakdang maging toll manufacturer ng gatas ng kalabaw na gagamitin sa mga milk supplementation at community feeding programs.

Ipinakita ng SMYPC sa CEDS ang pagpoproseso hanggang sa pagsasadelata ng sterilized na gatas. Sa 650 litro ng gatas ng kalabaw na dinala ng grupo para sa testing, 600 pirasong 180 ml na gatas na naka-aluminum cans ang nagawa. Ang mga canned milk ay isinailalim sa sensory testing at minomonitor na rin ang shelf life nito.

"Ang sterilized na gatas ay maaaring tumagal ng anim na buwan hanggang dalawang taon. Mainam ang pagsasadelata dahil tumatagal lang ng pitong araw ang gatas ng kalabaw bago ito masira," ani Mina Abella, PCC-CEDS head. Dagdag niya, posibleng icommercialize na ang sterilized canned carabao's milk sa darating na Disyembre.

Samantala, nagbigay naman ang SMFI ng harinang magagamit sa paggawa ng Milkybun para sa community feeding. Ang CAMPCI at Bohol Dairy Cooperative ang mga napiling benepisyaryo na parehong nakatanggap ng Php50,000 na halaga ng harina.

"SMFI ang pinanggalingan ng harina habang ang kooperatiba ang nagpoproseso nito. Kalahati ng produksyon ang ipapasa sa community feeding na tatapatan naman ng kooperatiba bilang tulong sa pamayanan," ani Dr. Ericson Dela Cruz, OIC-Chief ng Planning and Information Management Division ng DA-PCC.

Inisyal nang nakapagpamahagi ng 2,500 Milkybun sa Bohol (Talibon, Unay, at Inabanga) sa feeding na isinagawa ng mga lokal na tanggapan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa mga piling bayan. May kabuuang 4,000 pirasong Milkybun naman ang ibinigay sa mga batang mag-aaral sa Cabiao, Nueva Ecija.

## DAR

Opisyal na pinasinayaan ang kauna-unahang Milkybun processing facility sa Nueva Ecija sa pagtutulungan ng DA-PCC, DAR, at ng CAMPCI, na siyang namamahala rito.

Nagbigay ang DA-PCC ng mga sangkap para sa pagpoproseso ng mga produkto at mga kagamitan na nagkakahalaga ng Php400,000. DAR naman ang pinanggalingan ng Php300,000 para sa makinarya at iba pang pangangailangan sa pasilidad. Aabot naman sa Php300,000 ang inilaan ng CAMPCI para sa pagpapatakbo ng nasabing facility.

Nagkaroon ng ribbon cutting sa naturang pasilidad noong Setyembre sa Dairy Box sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito'y sinundan ng MOA signing na ginanap sa DA-PCC national headquarters.

Ang Milkybun ay masustansiyang tinapay na may gatas ng kalabaw. Halos katumbas ng isang tinapay ang isang basong gatas. Ito ay isa sa mga produktong ginawa ng DA-PCC upang maging adisyunal na mapagkakakitaan ng mga magsasaka o carapreneurs at para sa mga milk supplementation at community feeding programs.

**Kaugnay ng pagpapatupad ng RA 11037 o Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act, kasama ang gatas ng kalabaw sa mga ipamamahagi ng DepEd sa mga batang kulang sa nutrisyon.**

**Sa ilalim nito, target ng DA-PCC na mapunan ang 23.46 porsyento o 446,628 batang mag-aaral sa higit sa 1.7 milyong piling benepisyaryo ng nationwide School-Based Feeding Program (SBFP).**

Ang Milkybun processing facility ay magsisilbi rin na training facility para sa mga nais na maging carapreneurs at bilang adisyunal na mapagkukunan ng kita ng kooperatiba.

## DepEd

Bukod sa MOA sa pagitan ng DepEd at DA-PCC sa pagpapatupad ng naturang batas ay mayroon ding mga operating MOAs (OMOA) na nilagdaan sa pagitan ng ahensiya at Schools Division Offices (SDO) ng DepEd.

Kabilang ang mga sumusunod na grupo ng mga maggagatas sa mga magiging suppliers: Ilocano AI Agri Coop, Northern Ilocos Sur Agri Coop, Bantog Samahang Nayon MPC, Rosario Dairy Farmers Coop, San Agustin Dairy Coop (SADACO), Integrated Farmers Coop, Eastern PMPC, Catalanacan MPC, NEFEDCCO, Pulong Buli MPC, Bataan Farmers Agri Coop, Tapulao MPC, Llano Farmers MPC, LGU Magdalena Processing Facility, Gen Trias Dairy Raisers MPC, The Rosario Livestock and Agriculture Farming Cooperative, Yamang Bukid Farm Palawan, Mindoro Dairy Coop, Gubat St. Anthony Cooperative/Albay Dairy Plant, Calinog Farmers Agriculture Coop (CAF-AGRI COOP), LAMAC MPC, San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Coop, Bohol Dairy Coop, Baybay Dairy Cooperative, Siari Valley Agrarian Reform Beneficiaries MPC (SVARBEMCO), Baclay MPC, Muleta Side Buffalo Dairy Farmers Association MUSBUDA, at D & L Paclibar Dairy farm.

Taong 2018 nang maisabatas ang RA 11037 na nagsusulong ng National Feeding Program para sa mga kwalipikadong bata na nasa Kindergarten hanggang Grade 6. Gagawin sa loob ng 20 araw ang feeding.

## AgriCOOPh Federation, Agriterra Philippines, at NDA

Sa hinaharap ay mas magiging progresibo ang industriya ng paggagatasan sa Nueva Ecija at Visayas lalo't isinusulong na ang mga proyektong "Establishment of the Nueva Ecija Sustainable Dairy Hub" at "Improving the Dairy Value Chain in the Visayas Region thru GROW COOP".

Kasama ng DA-PCC ang AgriCOOP Federation sa implementasyon ng unang proyekto sa Nueva Ecija. Nakapaloob dito na gagawing mas madali ang pag-access ng ani at mga serbisyong teknikal

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

# Ugnayang pantawid...

MULA SA **PAHINA 11**

sa gatasan ng mga maliliit na magsasaka. Patataasin din ang produksyon ng gatas at palalawigin ang pakikipagtulungan 'di lamang sa pribado kundi sa pampublikong sektor sa nasabing probinsya.

Mas paiigtingin pa ang ugnayan ng lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng mga polisiyang makatutulong sa pagkakaroon ng sustainable dairy hub. Iaangat din ang entrepreneurial spirit ng mga kooperatiba ng maggagatas sa Nueva Ecija.

Ang ikalawang proyekto na saklaw sa mga rehiyon ng Visayas ay isasagawa ng DA-PCC, Agriterra Philippines, at NDA. Anim na kooperatiba ang palalakasin at 1,000 miyembro ang target na benepisyaryo sa proyekto.

May dalawang bahagi ito. Sa Component 1 o Improvement of GOACs Organizational Performance ay palalakasin ang abilidad ng mga benepisyaryo sa agricultural management, governance, marketing, financial management, at members engagement. Dito nais na mapainam ang organizational performance ng kooperatiba.

Samantala, sa Component 2 o Expanded Cooperative Business Opportunities naman isasagawa ang mga gawaing magsusulong sa aktibong pakikilahok ng mga magsasaka sa kabuuan ng value chain.

## PCA

Karagdagang pagkakakitaan naman para sa mga coconut farmers ang layon ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa pagtutulungan ng DA-PCC at DA-PCA.

Ayon kay Paul Andrew Texon, DA-PCC focal person para sa proyekto, ang CCDP ay isusulong sa 17 project sites sa loob ng dalawang taon.

Sa proyektong ito mamamahagi ng mga gatasang kalabaw, magpapatayo ng mga processing facility at magkakaloob ng kagamitan at supply, magpapatayo ng market outlets, sasanayin ang mga value chain players, makikipag-ugnayan sa mga kasangkot, at imomonitor at susuriin ang implementasyon ng lahat ng salik ng proyekto.

Tinukoy na ang mga kuwalipikadong magsasaka na maglalaan ng lupa para sa pagtatayo ng kawan at taniman ng damong pakain. Ang mga cooperative conduits naman ay inaasahang maglalaan ng resources na makatutulong sa pagpapaunlad ng carabao enterprise value chain.


Ang DA-PCC at DA-PCA ay makikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan upang siguruhin na maibibigay ang karampatang teknikal na serbisyo, monitoring, at paglalaan ng lugar para sa marketing facilities.

Nagkaroon na ng online orientation hinggil sa implementasyon ng CCDP noong Oktubre 8. Ito ay dinaluhan ng mga kaagapay sa national at regional na sangay ng DA-PCC at DA-PCA.

Inaasahang makapag-aambag ng aning gatas sa pagpapatupad ng National Feeding Program ang mga magsasakang kalahok sa CCDP.

Bukod sa mga nabanggit, nakatakda ring magtulungan ang DA-PCC at DSWD sa milk feeding programs para sa mga batang nasa daycare. Mayroon ding inihahandang panibagong inisyatiba kasama ang SMC.

**(May impormasyon mula sa artikulo nina Ma. Cecilia Irang at Dizschel Ann Salvador)**






# Walang krisis sa 'dairy biz'

NINA **LILIAN VILLAMOR, MA. CECILIA IRANG,** AT **MARIVIC ORGE**

**Sa isang iglap, nagising ang mundo sa pandemyang dulot ng coronavirus. Milyong buhay ang kinitil ng sakit na COVID-19 at iginupo ang ekonomiya sa iba't ibang panig ng mundo. Isa itong hindi malilimutang pangyayari sa kasaysayan ng tao.**

Sa gitna ng ganitong krisis, ang kakayahang bumenta ng isang produkto lalo na sa industriya ng pagkain ay nakabase sa benepisyong hatid nito sa kalusugan ng mga mamimili.

Ang gatas ng kalabaw ay isang produkto na nananatiling matatag sa gitna ng nasabing krisis dahil sa taglay nitong sustansya na mainam para sa nutrisyon ng publiko.

Upang maihatid pa rin ang mga produktong gawa sa gatas sa iba't ibang lugar, hinimok ng DA-PCC ang mga online resellers para maging kaisa sa layuning ito.

Base sa datos ng DA-PCC, ang Central Dairy Collecting and Processing Facility nito ay nakapagproseso ng kabuuang 91,615.80 litro ng gatas mula Marso 16 hanggang Hunyo 20. Sa bilang na ito, 22,252.52 litro ang naibenta ng 37 online resellers sa kasagsagan ng community quarantine dahil sa pandemya o 17% ng kabuuang gatas na naproseso.

Nakapagtala ng kabuuang Php1,3335,151.09 halaga ang nabenta ng mga online resellers.

Sa likod ng mga numerong ito ay ang kwentong dedikasyon ng mga resellers na tumulong sa online marketing at door-to-door delivery ng mga produktong gatas. Ito'y sa Nueva Ecija, kabilang ang San Jose City, Cabanatuan City, Guimba, Palayan City, Bongabon, at Rizal, pati na rin sa ibang lugar sa Luzon gaya ng Metro Manila, Bulacan, Pampanga, Tarlac, Pangasinan, La Trinidad Benguet, La Union, at Aurora.

Personal naming kinapanayam ang mga natatanging resellers na ito upang makahikayat sa iba ang kanilang nakapupukaw na mga kwento.

## Paano ka nahikayat na magbenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw?

Para kay Aaron Baligod, isang batang negosyante mula sa Quezon City, nagsimula ang kwentong dedikasyon niya nang araw na samahan niya ang kaniyang ina na dalhan ng sariwang gatas ng

SUNDAN SA **PAHINA 16**




CHRISSALYN MARCELO




**WILSON LEE FLORES**
KAMUNING BAKERY CAFE, QUEZON CITY



**AARON BALIGOD**
QUEZON CITY



**ALEXANDER** AT **EVADYN PARAGUAS**
BALUNGAO, PANGASINAN



**ALMARIO BALTAZAR JR.**
GUIGUINTO, BULACAN



**LORRAINE SAGUN**
BAYAMBANG, PANGASINAN

# Walang krisis...

MULA SA **PAHINA 14**

kalabaw ang kaibigan nito na may problema sa bato. Nasaksihan niya kung paano ito biglang sumigla matapos makainom ng gatas. Iyon, aniya, ang nag-udyok sa kaniya na sundin ang madalas ipinapayo ng kaniyang ina na magbenta ng mga produktong gatas dahil siya mismo ay masugid na tagapagtangkilik nito.

Dahil din sa adhikaing makatulong sa iba sa pamamagitan ng negosyo sa paggagatasan ang naghikayat kay Wilson Flores, may-ari ng Kamuning Bakery Café sa Quezon City. Ito ay matapos niyang mapag-alaman na maraming magsasaka ang labis na naapektuhan ang kabuhayan dahil sa krisis na dulot ng pandemya. Ngayon ay maaari nang makabili ang mga parukyano sa kaniyang panaderya ng gatas ng kalabaw at iba pang mga produktong gawa rito.

Kaisa si Almario Baltazar Jr. sa ganitong adbokasiya na makarating ang gatas ng kalabaw sa mas marami pang mamimili. Naniniwala siya na sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga produktong gatas ay nakatutulong siya sa paghahatid ng mga primera klaseng pagkain sa mas maraming pamilyang Pilipino.

Ganito rin ang naisin ng mag-asawang Alexander at Evadyn Paraguas ng Balungao Pangasinan. Bilang dating empleyado ng DA-PCC, alam ni Alexander na ang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw na dinedebelop ng ahensiya at mabibili sa advocacy hub nitong Milka Krem ay siguradong sariwa at natural. Batid ang likas na kahalagahan nito sa pagpapalakas ng resistensya, nagpamigay ng gatas ng kalabaw ang mag-asawa sa mga frontliners sa kanilang bayan. Kalauna'y kinonsidera na rin nila ang pagbebenta ng produktong gatas mula sa Milka Krem.

Bagama't pinakabata sa mga online resellers na nagsusulong ng gatas ng kalabaw, parehong sigasig gaya ng iba ang ipinamalas ni Lorraine Sagun sa pagbebenta ng mga produktong gatas. Si Lorraine ay nasa third year college na at kumukuha ng kursong BS Internal Audit sa Bayambang, Pangasinan. Habang hindi pa nagbubukas ang klase dahil sa krisis pangkalusugan, naghanap siya ng oportunidad para maging produktibo. Nagsikap siyang matutunan ang mga pamamaraan sa epektibong pagbebenta ng mga produkto at hindi nagtagal ay nagbenta na rin siya ng gatas ng kalabaw at mga produktong gawa rito. Nakapaghikayat din siya ng iba pa na sumubok din sa ganitong negosyo.

## Anu-ano ang iyong mga istratehiya sa pagbebenta?

Ang paggamit ng social media platforms ang naging istratehiya ng mag-asawang Paraguas at ni Lorraine sa pagbebenta.

"Nakafollow kami sa page ng Milka Krem at shineshare namin 'yong mga posts nito sa sarili naming Facebook account. Marami sa mga Facebook friends namin ang nagustuhan ang mga produkto," ani Alexander.

Ganoon din ang naging paraan ni Lorraine. Nagpost siya ng iba't ibang produkto mula sa gatas ng kalabaw sa kaniyang social media accounts kung saan marami siyang natanggap na mga orders.

"Dahil sa paggamit ng social media, naging posible ang pagpapalawak ng merkado ng gatas ng kalabaw. Nakapagbebenta ako ng produkto hindi lang sa bayan namin kundi pati na rin sa mga kalapit-bayan gaya ng Malasiqui, Calasiao, Dagupan City, Lingayen, Urdaneta City, Villasis, Alcala, Bautista, Basista, at piling mga lugar sa La Union," aniya.

Ipinanregalo naman ni Wilson ang mga produktong gatas sa kaniyang mga kakilala na hindi pa ito natitikman. Ang kaniyang layunin: maging regular na parukyano ang mga ito.

"Noong una, binibili ko 'yong mga natitirang produktong gatas namin kada linggo tapos ibibigay ko sa pamilya noong kapatid ko, sa bakers at empleyado namin. Parang pa-bonus ko na rin 'yon sa kasipagan nila dahil kahit lockdown tuluy-tuloy 'yong naging operasyon namin dito sa bakery," ani Wilson.

Ang retail price ng ilan sa mga produktong gatas ay hindi pasok sa badyet ng karamihan sa kaniyang mamimili. Ito ang rason kung bakit sinisiguro ni Aaron na ang mga produktong ibinebenta niya ay abot-kaya ng lahat ng mamimili.

"Dahil may distributor's discounts kami sa Milka Krem, maliit lang ang patong namin sa mga produkto kaya mas mura ito kumpara sa ibang mga brands sa merkado," aniya.

Mayroon ding libreng delivery sina Aaron sa mga piling lugar sa Quezon City para matiyak na makararating ang mga produktong gatas sa mga parukyano nito sa kabila ng limitadong pagbibiyahe.

## Ano ang maipapayo mo sa mga bago at nagnanais na maging online resellers?

Ang kanilang payo: personal munang tangkilikin at isulong ang mga lokal na produkto para maranasan at masubukan ang kainaman ng mga produktong gawang Pinoy.

"Kapag ikaw mismo ay tumatangkilik sa mga produktong gatas, nasusuportahan at natutulungan mo 'yong mga magsasakang maggagatas natin," ani Wilson.

Sa kabilang banda, pinaalalahanan ng mag-asawang Paraguas ang mga nagnanais maging resellers o negosyante na maging matiyaga at mapagpasensya sa pag-aasikaso sa mga mamimili at isaalang-alang ang bawa't feedback ng mga ito.

Ibinahagi naman ni Aaron ang 'di niya malilimutang payo ng kaniyang mga magulang pagdating sa negosyo lalo na sa panahon ng krisis, "Para magtagumpay sa negosyong ito, hindi dapat natin samantalahin ang kasalukuyang sitwasyon na papatungan pa natin ng malaki 'yong presyo ng mga produkto. Lahat tayo ay nagsisikap na makaalpas mula sa mga hamon na dulot ng pandemya. Kaya naman isipin natin kung paano tayo sama-samang makaaahon sa krisis na ito, hindi 'yong puro sarili lang ang iniisip natin."

Ang pinakabatang online reseller na si Lorraine ay nagsabing ang pinakanatutunan niya sa kaniyang karanasan bilang baguhang negosyante ay ang kahalagahan ng pag-iipon para may dudukutin sakaling magkaroon ng hindi inaasahang pangyayari gaya ng pandemya.

"Kapag magsisimula ka ng isang negosyo, kakailanganin mo ng puhunan para maipagpatuloy ito. Ginastos ko 'yong ipon ko para sa pagbebenta ng produktong gatas noong Mayo 7. Hindi naman po sa pagmamalaki, 'yong ipon ko po noon na four-digit sa bangko ay umabot na po sa six-digit ngayon," masayang pagbabahagi ni Lorraine.


Sa kabila ng pandemya at sa malaking suliranin na dulot nito sa industriya ng paggagatasan, pag-asa ang naging hatid ng mga resellers sa mga magsasakang hirap makabalikwas.

Ang kanilang mga kwento ay nagpapakita lamang na ka butihan pa rin ang mananaig lalo na sa panahon ng kalugmukan.

## Bakit gatas ng kalabaw? > Bakit hindi!

"Masustansya ang gatas ng kalabaw at mainam na pampalakas ng resistensya dahil sa taglay nitong calorie na pinagmumulan ng enerhiya na kailangan ng katawan. Mayaman ito sa magnesium, potassium, calcium, at phosphorus, kaya naman madali na lamang naiaalok ng mga online resellers ang mga produktong gatas sa mga mamimili."

**Mina Abella**
**Head, Carabao Enterprise Development Section**



# Walang lockdown sa serbisyong VBAIT

NI **CHARLENE JOANINO**

**Habang ang lahat ay pinapayuhang manatili sa loob ng kani-kanilang tahanan upang maiwasan ang pagkahawa o pagkalat ng laganap na Coronavirus o COVID-19, buo ang loob ng isang VBAIT na patuloy na ikutan sa iba't ibang lugar ang mga kliyenteng umaasa sa kaniyang serbisyo. Ito'y habang sinusunod niya ang mga itinakdang health and safety protocols.**

Nagseserbisyo sa mga kapwa magsasaka si Hipolito Rafael, isang Village-based Artificial Insemination Technician (VBAIT), veterinary aide, at magkakalabaw sa Brgy. Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito'y kahit na kung minsan ay walang bayad dahil batid niya ang pagkagipit ng lahat dahil hindi naman napaghandaan ang pandemya.

"Noong magsimula ang lockdown, naging limitado ang aking mga napupuntahan at naseserbisyuhan. Hindi naging madali ang paglabas at pagpasok ko sa mga lugar kung saan ako nagbibigay serbisyo bilang VBAIT at veterinary aide pero kailangan kong magpatuloy," ani Rafael.

Bukod sa mga ka-barangay, may mga kliyente rin siya sa Pandalla at Balante.

## Bilang VBAIT at veterinary aide

Kalimitan sa isang araw ay naglalaan siya ng oras upang ma-monitor ang mga kalabaw na na-AI niya o nakatakdang i-AI. Kumikita siya ng Php700 kada AI sa kalabaw.

On-call naman siya bilang veterinary aide. Ayon sa kaniya, madalas niyang nakikita ang problema sa kakulangan sa calcium, sakit na mastitis, at pagtatae ng bulo. Binabayaran siya ng Php100 kada konsulta at nadadagdagan ito base sa pangangailangan ng kalabaw gaya ng bitamina at pampurga.

"Bilang veterinary aide, may basic akong kaalaman sa panggagamot ng kalabaw. Kapag kailangan na ng beterinaryo o eksperto ay nakikipag-ugnayan na ako sa DA-PCC," ani Rafael.

Taong 1999 nang magsimula siyang mag-alaga ng kalabaw na noo'y katulong niya sa pagbubukid. Aniya, pahirapan dati ang panggagamot ng kalabaw dahil wala pang mga eksperto o mga beterinaryong malapit na maaaring lapitan ng gaya niyang magsasaka.

"Hindi ko talaga gustong maging VBAIT dati, pero alam kong mahalagang matuto ako na nagbunga naman ng maganda dahil mas napalawak ang aking kaalaman sa pagkakalabaw," ani Rafael.

SUNDAN SA **PAHINA 21**

"Palagi kong naririnig na frontliners ang mga duktor at nars. Nguni't hindi ba't kaming mga magsasaka ay katulong din ng mga mamamayan lalo't ang ani sa bukirin ang inihahain sa hapag-kainan at ang gatas mula sa kalabaw ay ipinaiinom sa mga feeding programs?"

**Hipolito Rafael**



# Teknolohiyang maaasahan

## para sa maginhawang pagkakalabawan

### A2Choice

- isa itong genotyping test para sa A1 at A2 beta-casein (milk protein) variants sa mga bovine at bubaline species na nadebelop ng DA-PCC para matukoy kung anong uri ng gatas mayroon ang baka at kalabaw sa pamamagitan ng kanilang beta-casein gene

### eRS

- masustansyang pakain para sa alagang kalabaw, baka, at kambing, na mainam subukang gawin lalo na sa panahon ng tag-araw na limitado ang nakukuhang pakain sa taniman ng sariwang damo
- ang mga sangkap sa paggawa ng e-RS ay urea, pulot o molasses, dayami, at tubig

### VeriSire

- kauna-unahang DNA-based parentage testing sa bansa gamit ang Microsatellite-based Technology
- sa pamamagitan ng VeriSire, magkakaroon ng wastong pedigree information ang hayop, na siyang pinakamahalagang dapat isaalang-alang sa anumang breeding program, genetic evaluation system, at breed registry

### QuickCARE™

- pen-side DNA-based test na may mataas na detection rate, na hindi kailangan gamitan ng mamahaling aparato
- ang paraan ng pagsusuri ay kinapapalooban ng apat na madadaling hakbang at ang resulta nito ay makukuha na kaagad sa loob lang ng 10 minuto

### Buro Booster

A silage additive for corn, sorghum, and grass

SILAGE INOCULANT

- isang inoculant na nakatutulong makagawa ng de-kalidad na silage para sa mais, sorghum, at damo
- ito ay may *Lactobacillus species* na mainam para sa produksyon ng lactic acid na nagpapaganda ng kalidad at nakababawas sa posibilidad ng pagkabulok ng binuburong damo

### BM BLOCKMATE

NUTRITION IN A BLOCK

- suplementong pakain para sa mga kalabaw, baka, kambing, at tupa
- mayaman ito sa enerhiya, minerals at nitrogen (na nagiging protina sa katawan) na kailangan ng hayop upang bumilis ang paglaki at dumami ang produksyon ng gatas

"Sa ilalim ng 'new normal' at 'new thinking' ng DA, maraming mga hamon at oportunidad para maipagpatuloy ng DA-PCC ang mga bagong RDD paradigms at tinatawag ko itong 'research revolution'. Ang bagong mindset natin ay 'research translation to innovations' para makatulong tayo sa pagpapalago ng industriya sa pagkakalabawan at sa pagpapaunlad ng buhay ng mga magsasakang Pilipino."

**Dr. Eufrocina Atabay**
Scientist I at OIC-Chief, Research and Development Division



Para sa iba pang detalye tungkol sa mga teknolohiyang nabanggit, makipag-ugnayan sa PCC Research and Development Division:

Email: **rdd.pcc@gmail.com**
Contact Number: **0936-8377797**
Facebook Page: **PCC Research Trends and Innovations**





# Walang lockdown...

MULA SA **PAHINA 18**

Kung kaya't nang magkaroon ng pagsasanay sa AI ang DA-PCC ay hindi siya nag-atubili pang salihan ito. Kasama siya sa ipinadala sa Carranglan, Nueva Ecija kung saan sinasanay ang mga nais maging AI technician sa loob ng 30 araw.

Si Rafael ay miyembro ng Catalanacan Multi-purpose Cooperative na isa sa pinakaprogresibong kooperatibang inaasistehan ng DA-PCC sa Nueva Ecija. Ginagatasan niya ang kaniyang mga kalabaw habang ang dumi ay ginagawang pataba sa taniman ng pakain para sa mga alaga at maging sa kaniyang palayan.

Katulong niya ang kaniyang pamilya sa mga gawain. Ang asawa niya ay tumutulong sa pagsasakate. Ang 11 taong gulang naman niyang anak ay marunong magpaligo at regular na nagpapainom ng tubig sa kanilang mga alagang kalabaw.

"Pinahiraman ako ng DA-PCC ng tatlong Brazilian Murrah Buffaloes at isang bulugan," ani Rafael.

May anim na inahing kalabaw na inaalagaan si Rafael. Tatlo rito ang kaniyang ginagatasan. Nakakukuha siya ng 25 litrong gatas sa tulong ng twice-a-day milking o dalawang beses na paggagatas sa unang kuwarter ng taong 2020. Nang magkaroon ng pandemya at nabawasan nang malaki ang mga mamimili ng gatas, isang beses na lang siya kung gumatas upang maiwasan ang pagkasira ng aning gatas.

"Nakakukuha na lang ako ngayon ng kalahati sa dami ng litrong nakukuha ko dati. Ito ay naipagbibili ko ng Php60 kada litro," ani Rafael.

Mula sa mga gawaing salig sa pagkakalabaw, nakapagpundar si Rafael ng isang kolong-kolong, nasusustentuhan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya, nakapagpapaaral ng anak at unti-unting napaaayos ang kanilang bahay.

"Nagtabi kami ng pera at nagsikap na mag-ipon upang may pagkunan kami sa oras ng pangangailangan tulad ngayon. Siguro kung hindi namin ito ginawa ay lubhang nahirapan kami dahil sa pandemya," aniya.

Dagdag pa niya, ito ang kagandahan ng paggagatas dahil araw-araw ang kita sa buong panahon na gumagatas ang mga alagang kalabaw at nakapag-iimpok pa sila.

# Webinars sa 'New Normal'

NI **ROVELYN JACANG**
LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**

**Kaiba sa nakasanayang pamamaraan na may aktuwal at pisikal na pagdalo ang mga magsasanay, online learning na ngayon ang isinasagawa sa pamamagitan ng webinar series na pinamagatang "Gabay sa Wastong Pangangalaga ng Kalabaw."**

Ito ang makabagong pamamaraan sa paghahatid ng kaalaman at kasanayan sa mga magkakalabaw at maggagatas na isinasagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa pamamagitan ng Knowledge Management Division-Learning Events Coordination Section (KMD-LECS).

Ang nasabing pagbabago ay kasunod ng mga limitasyong dulot ng pandemya na nagbunsod sa DA-PCC upang isagawa ang proyektong Cara-Aralan sa ilalim ng programang ALPAS COVID-19 ng DA.

Sa ilalim nito, ang pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa pagkakalabaw ay gagamitan ng digitized information, education, information and communication (IEC) materials at paraang e-learning.

Nakapagsagawa na ng siyam na webinars na nilahukan ng 360 katao ang DA-PCC buhat nang magsimula ito noong Mayo. Ang mga paksa ay (1) Calving Management, (2) Best Practices in Artificial Insemination and Breeding, (3) Forage Production and Conservation, (4) Kwento at Kwenta sa Kalabawan ni Juan, (5) Artificial Insemination and Pregnancy Diagnosis in Large Ruminants (6) Basic Financial Management in Buffalo Dairy Business, (7) Wastong Paraan ng Paggagatas at Pangangasiwa ng Aning Gatas, (8) Hygienic Milking Practices Along the Value Chain, at (9) Mga Karaniwang Sakit ng Kalabaw (na nahati sa dalawang bahagi), (10) Proper Housing for Calves and Adults, (11) Feeding Management for Buffaloes, at (12) PCC Animal Health Program and Laboratory Services.

Kabilang sa mga naging tagapagsalita ay sina Dr. Marvin Villanueva, Senior Science Research Specialist; Dr. Edwin Atabay, Scientist I; Dr. Daniel Aquino, isang eksperto sa larangan ng animal nutrition; Dr. Peregrino Duran, Scientist I; Pauline Maramag, Financial Analyst, Mina Abella, head ng Carabao Enterprise Development Section, at Leoncio Callo, isang progressive farmer at dating Chairman ng isang cooperatiba, Dr. Daryl Dela Cruz, Science Research Specialist I, Engr. Eduardo Dalusong, head ng General Services Section at Dr. Gabriel Tubalinal, Science Research Specialist II.

Karamihan sa mga lumahok ay mga technicians, agriculturists, mga magkakalabaw, estudyante, at mga Overseas Filipino Workers na nagnanais na magkaroon ng kaaalaman sa negosyong salig sa kalabaw.




**Abangan ang announcement ng mga nakatakdang webinars sa Facebook page ng DA-PCC. Mag-register ka na rin Ka-kalabaJuan!**

**Batay sa post-webinar evaluation survey, ang average outstanding at very satisfactory ratings ng mga naisagawang webinar ay nasa 92.7%. Nangangahulugan ito na bagama't walang pisikal na interaksyon ang mga kalahok at ang tagapagsanay, naging matagumpay ang pagsasagawa ng mga webinar.**

# ALPAS SA COVID-19

## AHON LAHAT, PAGKAING SAPAT KONTRA COVID-19

Masaganang ANI Mataas na KITA

## ULaP

### UNLAD LAHI PROJECT

#### Components

Provision of animals, incentives and/or technical and veterinary services to displaced farmers and carabao owners ▪ Incentives to VBAITs ▪ Crop-forage integrated system for both food and feed production with technical, mechanization and market support

#### Objectives

Increase milk and meat production, job creation and providing livelihood for displaced farmers

#### Beneficiaries

Displaced farmers, village-based AI technicians (VBAITs), carabao owners

## COVID

### CREATING OPPORTUNITIES THROUGH VALUE INNOVATIONS AND DEVELOPMENT

#### Components

Rolling out of technologies and innovations on food production, processing, and value-adding ▪ Impact assessment on the effects of COVID-19 to carapreneurs

#### Objectives

- Enhance food productivity, availability, accessibility and sustainability through applicable technologies and value innovations
- Create livelihood opportunities thru value adding interventions to provide income for farmers affected by COVID-19 crisis

#### Beneficiaries

Carabao owners, farmers' cooperatives, village-based technicians, and other stakeholders

## GGK

### GATAS, GULAY AT KARNE

#### Components

Clustered Vegetable and Livestock-Forage Production ▪ Market assistance ▪ Logistical support/farm mechanization assistance

#### Objectives

- Promote integrated urban agriculture or mixed farming system in the villages
- Create livelihood opportunities as source of income in areas affected by COVID-19
- Enhance food and feed production, availability and sustainability of supply
- Ensure the value chain approach

#### Beneficiaries

Farmer's cooperatives, associations or groups

## CARA-ARALAN

#### Components

e-learning or webinars focused on farm solutions ▪ Learning modules in video format ▪ Digitized IEC and training materials ▪ Multimedia promotions related to COVID, ULaP, GIGK, etc. ▪ Communication support services

#### Objectives

- Sustain access to information, education, and communication (IEC) by farmers, carapreneurs, and other carabao industry value chain actors
- Contribute to capacity development of farmers, carapreneurs, and other carabao industry value chain actors

#### Beneficiaries

Carapreneurs in impact zones, cooperatives, associations or groups, other value chain players

(63) (044) 456.0731 to 34
(63) (044) 456.0730
pcc-oed@mozcom.com
www.pcc.gov.ph
Philippine Carabao Center-Department of Agriculture